Handa na ba kayong bigyan ng pagkakataon ang inyong mga anak na makaranas ng kagila-gilalas at maaksyong sport na magdadala ng ngiti sa kanilang mga mukha ? Dito nagtatapos ang inyong paghahanap ! Ang Lower Mainland Ringette ay lubos kayong inaanyayahan na magsaya, magtipon at bumuo ng mga pagkakaibigan sa kapanapanabik na mundo ng ringgette – ang sport na walang katulad!

## Ano ang Ringette?

Ang ringette ay isang lubos na masigla at maaksyong sport. Ito ay nilalaro sa yelo ng dalawang koponan.
Ang layunin ng bawat koponan ay makaiskor sa pamamagitan ng paghampas ng rubber ring para sumuot
sa lambat ng kalabang koponan. Ang kasiyahan dulot ng kapanapanabik na laro ng ringette ay katumbas ng pinagsamang bilis ng hockey, teamwork ng paglalaro ng basketball, at mahusay na paghawak ng lacrosse stick.

## Bakit magandang maglaro ng ringette?

Ang ringette ay mahusay para sa mga batang mahilig sa mabilis na aksyon, teamwork at mapagkaibigang kompetisyon. Ang mga sumusunod ay ang mga dahilan para mawili kayo sa ringette:

1. Inklusibo at mapagtanggap - ang ringette ay angkop sa mga manlalaro ng anumang kasarian at antas ng kasanayan. Ang lahat ay inaanyayahang sumali at maging kapamilya ng aming grupong ringette.
2. Mabilis na Aksyon - ang laro ng ringette ay puno ng napakabilis at kapana-panabik na aksyon, mabilis na paglipat at paggalaw ng rubber ring, at walang kapantay na excitement.
3. Teamwork at Pagkakaibigan - ang paglaro ng ringette ay nagdadala ng pagkakataong magtulungan, at magsama-sama. Bukod dito, sa paglaro ng ringette, matututunan ng inyong mga anak ang kahalagahan ng pagtutulungan, komunikasyon at pakikipag-ugnayan sa kanilang mga kasamahan at koponan.
4. Sportsmanship at Respeto - Ang Lower Mainland Ringette ay naniniwala sa tunay na sportsmanship at paggalang sa isa't-isa. Sinusuportahan namin ang positibong kapaligiran kung saan pinahahalagahan ang kabaitan at patas na laro.



## Sumali sa Lower Mainland Ringette!

Handa ka na bang sumali sa Lower Mainland Ringette at sumabak sa mundo ng ringette ? Ang pagsali ay kasing dali ng pagbilang ng isa, dalawa tatlo:

1. Bisitahin ang aming Website: tumungo sa www.lmrl.ca/join para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming mga programa, sa aming pagpapahalaga at sa kahanga-hangang komunidad na aming nabuo.
2. Sumali sa kasiyahan: Gpuntahan ang aming website at tuklasin ang iba't-ibang mga programang alay namin sa lahat, mula sa mga baguhang manlalaro, hanggang sa mga manlalarong nagnanasang paunlarin ang kanilang kakayahan. Asahang makahanap kayo ng programang angkop para sa inyong mga pangangalinangan.
3. Kumpletuhin ang pinadaling paraan ng pagrehistro: para sumali sa aming organisasyon, sundin lamang ang mga madaling hakbang na nakalist sa aming website. Matatagpuan dito ang lahat ng mahalagang impormasyon sa pagrehistro kabilang ang paraan ng pagbayad, ang mga dibisyon ng edad at iba pang mga kinakailangang dokumentasyon.

## Sumali ngayon sa Lower Mainland Ringette!

Tayo na at magsaya kasama ang Lower Mainland Ringette sa paglaro ng ringette. Tuklasin ang sport na magdudulot ng kasiyahan at mga ala-alang di malilimutan ng inyong mga anak.

**Bisitahin ang www.lmrl.ca para simulan ang inyong ringette adventure ngayon!**